

APLIKASYON PARA SA PAGPAPADALA (SA KOREO)

Paki sulat ng malinaw ang mga sagot. Kumpletuhin ang hinihinging impormasyon sa bawat puwang o kahon at basahin ang mga alituntunin at kundisyon sa likod. Pakitulyo ang sumusunod na instruksiyong pambayad na may mga sumusunod na detalye:

Sangay ng PNB: o Ibang Bangko:

Para sa deposito: US\$ Peso Numero ng Account:

Cash Pick-up: US\$ Peso Pangalan ng Benepisyaryo:

Door-to-Door: US\$ Peso Tirahan ng Benepisyaryo:

Numero ng Cell Phone:

Numero ng Account sa PNB New York:

Impormasyon ng Kliyente:

Apelyido: Pangalan: Inisyal ng Gitnang Apelyido:

Tirahan: Siyudad: Estado: Zip:

Numero ng Telepono sa Tirahan: Numero ng Telepono sa Opisina:

Email Address: Numero ng Cell Phone:

Araw ng Kapanganakan: Trabaho:

Uri ng kabuhayan, kung mayroon: Numero ng TIN/Social Security:

Layunin ng Pagpapadala: Relasyon sa Benepisyaryo:

Pinagmulan ng Pondo: Kabuuang Taunang Suweldo:

Pangalan, Address, Numero ng Telepono ng Pinagtatrabahuhan:

Bilang ng Taon sa Trabaho :

Kumpletuhin ang impormasyon sa alinman sa dalawang dokumento sa ibaba at magbigay ng kopya ng naturang mga dokumento.

1 Lisensya sa Pagmamaneho #: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkakaloob: <input type="text"/>
Estado (State): <input type="text"/>	Petsa ng Pagkawalang bisa: <input type="text"/>
2 Permanent Resident Card #: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkawalang bisa: <input type="text"/>
3 Pasaporte ng U.S. #: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkakaloob: <input type="text"/>
Tagapag-kaloob: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkawalang bisa: <input type="text"/>
4 Pasaporte ng Pilipinas #: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkakaloob: <input type="text"/>
Tagapag-kaloob: <input type="text"/>	Petsa ng Pagkawalang bisa: <input type="text"/>
5 Iba pang ID (Paki-tukoy): <input type="text"/>	Petsa ng Pagkawalang bisa: <input type="text"/>

PARA LANG SA PAGGAMIT NG BANGKO		USD
Halaga ng Palitan	PHP	Halaga ng Padala: <input type="text"/>
		Bayad sa Pagpapadala: <input type="text"/>
		Nakalakip na Halaga: <input type="text"/>

Nabasa ko at ako ay sumasang-ayon sa Kasunduan Sa Pamamaraan ng Seguridad at sa lahat ng Mga Alituntunin at Kundisyon na nakasaad sa likod ng form na ito.

(Petsa)

(Lagda Ng Nagpapadala)

PARA LANG SA PAGGAMIT NG BANGKO

Kliyente:	Paraan ng Pagbabayad:	Na-verify sa:	Inisyal ng Teler:	Inaprobahan/inindorso ni:
<input type="checkbox"/> Bago	<input type="checkbox"/> Money Order	<input type="checkbox"/> IDology	<input type="text"/>	<input type="text"/>
<input type="checkbox"/> Mayroon	<input type="checkbox"/> Tseke	<input type="checkbox"/> OFAC/Fincen311		
Nang Record	Numero: _____	<input type="checkbox"/> DowJones		

MGA PAHAYAG

Ang mga halagang sinisingil ng PNB para sa serbisyong pagpapadala ay maaaring magbago nang walang abiso. Ang RAPID REMIT ay ginagamit lamang sa mga accounts na nakadeposito sa mga sangay ng PNB sa Pilipinas na naka-online. Ang pagpapadala sa pamamagitan ng RAPID REMIT ay maaaring maantala sanhi ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari: a) hindi inasahang pagkawala ng kuryente ; b) mga kalamidad o di inasahang kaganapan sa Pilipinas; c) biglaan o nakatakdang pag-aayos/pagpapantali ng kundisyon ng mga computer system ng PNB; o d) pagkasira ng sistemang pangkomunikasyon o kagamitang pangkomunikasyon. Ang tseke na ibinayad ay dapat dumaan sa clearing. Ang halaga ng palitan na susundin ay batay sa petsa ng aktwal na pagtanggap ng tseke.

U.S. Dollar Currency withdrawals mula sa mga account na nakadeposito sa mga sangay ng PNB sa Pilipinas ay nakasalalay sa pagkakaroon ng sapat na pera sa currency na nais kunin. Upang hindi maantala ang serbisyong pagpapadala, magbigay po ng paunang abiso sa PNB kung nais mag-withdraw ng pera sa ibang currency.

MGA ALITUNTUNIN AT KUNDISYON

Kapag ikaw ay nagpadala ng pera sa Pilipinas sa pamamagitan ng serbisyong padala ng PNB – New York Branch (“PNB NY” &/or “PNB New York” or “PNB”), ito ay katibayan na ikaw ay sumasang-ayon sa mga sumusunod na alituntunin at kundisyon:

Ikaw ay nagpapatunay na ikaw ang may-ari ng tseke o postal money order. Ikaw rin ay nagpapatunay na ang tseke o postal money order ay may sapat na pondo.

Ang pagtanggap ng PNB sa iyong sertipikado o personal na tseke o postal money order ay nakasalalay sa pagtupad mo sa mga patakaran ng PNB ukol sa pag-clear ng tseke at sa pagpapadala bago iremit ang iyong perang padala sa Pilipinas.

Kung sakaling ibalik o napag-alamang peke ang tseke o postal money order na nanggaling sa iyo, pumapayag kang bayaran agad ang PNB para sa halaga ng tseke o postal money order sa oras na ikaw ay abisuhan ng PNB na ang iyong tseke o postal money order ay walang sapat na pondo o kaya ay peke.

Pumapayag kang bayaran ang lahat ng pinsala na maidudulot sa PNB na may kinalaman sa kasunduang ito o sa serbisyong pagpapadala na nakasaad dito, pati ang mga gastusin sa korte, sa abogado, o kaya ang pagkawala o pinsala sa ibang tao, na maaaring mangyari dahil sa pagpapatupad ng kasunduang ito o serbisyong ito, at iba pa.

Maaari mong hiilingin na ipadala ang pera sa iyong benepisyaryo sa pamamagitan ng pagdeposito sa kanyang account sa ibang bangko o kaya sa pamamagitan ng paglaan ng perang pinadala mo para makuha ng benepisyaryo mo sa naturang bangko. Obligasyon ng bangkong tatanggap ng pera mo na sundin ang iyong utos at abisuhan ang iyong pinadalan na pwede nang kunin ang iyong padala. Kung ikaw ay nagbigay ng pangalan at numero ng account na padadalan, maaaring ibayad ng tatanggap na bangko ang iyong padala sa taong kilala sa numero ng account, at dito magtatapos ang transaksyon, kahit na ang pera ay nailagay sa ibang account o sa hindi angkop tumanggap ng pera. Ang iyong padala sa ibang bangko ay maaaring magkaroon ng karagdagang singil ayon sa kanilang umiiral na presyo.

Maaari mong bawiin o kaya baguhin ang halaga ng iyong padala kung kami ay naabisuhan sa tamang oras at hindi pa nakukuha ng iyong benepisyaryo ang perang pinadala, o kaya ang tatanggap na ibang bangko ay sumasang-ayon na ibalik o baguhin ang iyong padala. Kung sa inyong pasya ay gusto mo nang kanselahin ang transaksyon, kailangang linawin muna sa tumanggap na ibang bangko kung maaari pa itong ibalik. Kung nagpasya ang tumanggap na bangko na maari pa itong ibalik, ibabalik ng PNB New York ang pera sa iyo. Ang PNB ay maaaring maningil ng angkop na bayarin kung papalitan mo ang mga sumusunod: (i) pangalan ng tatanggap o benepisyaryo; o (ii) halaga na ipadadala.

Ang halaga ng pera na ibabalik sa iyo ay maaaring lumit kaysa sa orihinal na pinadala mo. Maaaring may karagdagang singil ang ibang bangko o ang PNB New York sa mga transaksyong ganito. Ang iyong refund ay babalik sa iyo sa anyong dolyar (U.S.) kahit na ang iyong padala ay nasa ibang currency. Ibabalik ang iyong padala sa anyong dolyar (U.S.) sa halaga na batay sa umiiral na palitan nung araw kung kailan naibalik sa inyo ang perang pinadala.

Kung pinili mong magpadala ng pera gamit ang serbisyong Instapay, ngunit nagkaroon ng “time out” sa sistema nito habang pinoproseso ang iyong padala, ang PNB New York ay may dalawang (2) araw na “Philippine Banking Days” para kumpirmahin kung ang iyong transaksyon ay naging matagumpay. Pagkatapos ng dalawang (2) araw na “Philippine Banking Days” at nakumpirma ng PNB New York na hindi naging matagumpay ang iyong transaksyon, ang iyong padala ay ipoproseso ulit ng PNB New York bilang bagong transaksyon.

Bagamat sinisikap naming ihatid ang iyong padala sa pinakamabilis na paraan at panahon, ikaw ay pumapayag na hindi mananatog ang PNB New York sa kahit na anong paraan kung sakaling maantala ang pagpapadala o kaya ay hindi ito maihatid sa benepisyaryo o tatanggap, o hindi magawa ang iyong utos o sa ibang paraan nagawa ang iyong utos sa kadahilanan o pangyayaring hindi saklaw ng PNB New York, pati rin ang iba't-ibang dahilan ng pagkakaantala tulad ng, at hindi limitado sa, pagkakaantala sa pagbatid ng kawastuhang halaga o detalye ng pagpapadala, pagkakaantala sa pagpapadala dahil sa pagwelga, pagkawala ng kuryente, pagkasira ng mga sistema o kagamitang pangkomunikasyon o sa pagkakamali ng sino man sa tagapamagitan o tatanggap na bangko. WALANG GARANTIYA O PANGAKO O PANANAGUTAN ANG IBINIBIGAY NG PNB NEW YORK, IPINAHIWATIG MAN O HINDI, SA ANO MANG PANGYAYARI.

Maaaring tanggihan ng PNB New York ang iyong utos na pagpapadala ng pera kung wala kang sapat na pondo sa iyong account, o kung ang iyong utos ay kulang o di malinaw, o hindi namin kayang tuparin ang iyong utos sa ano mang ibang makatwirang kadahilanan.

Tinatayang araw kung kailan maaaring matanggap ng benepisyaryo ang salaping pinadala ng nagremit:

- Rapid Remit (Kredit sa PNB account) Kredit Online
- Global/Pandaigdigang Filipino Kard Kredit Online
- Kredit sa ibang bangko (Peso o Dollar) 3 na araw na bukas ang bangko
- Pag-abiso at Pagbayad 1 na araw na bukas ang bangko
- Sa paghahatid ng salapi sa pamamagitan ng door-to-door, kung saan ang pera ay ihatid sa bahay o sa lugar na itinutukoy ng remiter, karaniwang maihahatid sa benepisyaryo ang padala sa loob ng sumusunod na araw:
 - o 3 na araw kung sa Metro Manila
 - o 5 na araw kung sa malalayong lalawigan
 - o Kung sa mga kritikal o delikadong lugar sa lalawigan, hanggang 7 na araw mula sa petsa kung kailan natanggap ng PNB ang padala

Ang tseking ibinayad ay isasalailam sa mga sumusunod na “clearing periods”

1. NY na tseke / “Money Order” 4 na araw na bukas ang bangko
2. Tseke sa labas ng estado ng New York 6 na araw na bukas ang bangko

Maaari ninyong kanselahin ang inyong padala sa loob ng tatlong (30) minuto pagkatapos ninyong magbayad, maliban na lang kung ang inyong padala ay : (a) nakuha na o naihatid na sa tatanggap, o (2) naideposito na sa account ng tatanggap sa ibang bangko. Para kanselahin ang inyong padala na binayaran sa pamamagitan ng tseke, mangyari po lamang na makipag-ugnayan sa amin ng hindi bababa sa tatlong araw bago ang nakatakdang petsa ng pagpapadala upang makakuha ng buong refund.

Kung nakatanggap ang PNB ng pakikipag-usap o liham mula sa inyo sa loob ng 180 na araw mula sa pinangakong paghatid ng padalang pera at ito ay dahil sa may mali sa padalang pera, katulad ng mga sumusunod:

- Mali ang halaga ng perang pinadala;
- Ginamit ang halaga ng pera na dapat ayon sa palitan pero hindi ito naibigay sa itinakdang tao na tatanggap ng pera sa Pilipinas;

Lulutasin ng bangko ang mga mali at magkakaroon ng imbestigasyon kung bakit may mali.

Sa loob ng 90 na araw mula nang matanggap ang abiso mula sa inyo, gagawin ng PNB New York ang angkop na solusyon para itama ang pagkakamali ayon sa pagkakamali na ito at batay sa iyong ninanais na aksyon, katulad ng mga sumusunod:

- I. ibalik sa iyo ang buong halaga ng perang ibinayad sa pagpapadala kung ito ay hindi pa ipinadala;
- II. ibigay sa pinaglaanan mong tatanggap ng pera ang tamang halaga na walang dagdag na bayarin sa tagapagtanggap o sa iyo;
- III. magbigay ng nararapat na solusyon ayon sa batas para sa proteksyon ng nagpadala; o
- IV. magbigay sa iyo ng kasulatan na nagpapaliwanag kung bakit walang pagkakamaling naganap ukol sa iyong reklamo.

Ang PNB New York ay hindi mananatog sa anumang danyos o gastusin kaugnay sa inyong pagpapadala. Ano mang singil na interest sa PNB New York ay ayon sa umiiral na presyo ng interest ng PNB New York para sa mga savings account.

Ang kasunduang ito ay nasasaaklaw ng mga naaangkop na batas ng Estado ng New York at Pederal na batas ng Estados Unidos. Kung may mga katanungan kayo tungkol sa inyong transaksyon sa pagpapadala ng pera , maaaring makipag-ugnayan sa :

Philippine National Bank, New York Branch
561 7th Avenue 2nd Floor, New York, NY 10018
Tel. No. 1 (212) 790-9600; Fax No. 1 (212) 382-2238;

Attn: General Manager or Operations Head
Email: newyork@pnb.com.ph;
Web: www.pnb.com.ph/newyork

Sa anumang karagdagang katanungan ukol sa transaksyong pagpapadala ng pera, maari kayong makipag-ugnayan sa **New York State- Department of Financial Services (NYS/DFS)**: Para sa mga tanong ukol sa transaksyong pambangko, maaaring tumawag sa 1(800) 342-3736; o lumiham sa Website: www.dfs.ny.gov. Para sa mga reklamo sa serbisyo o sa ibang bagay na may kinalaman sa pagbantay sa mga karapatang pampinansyal ng mga mamimili, tumawag lang po sa **Consumer Financial Protection Bureau** – 1(855) 411-2372; 1(855) 729-2372 (TTY/TDD); o lumiham sa www.consumerfinance.gov

KASUNDUAN UKOL SA PROSESO PARA SA SEGURIDAD NG MGA APLIKASYONG PAGPAPADALA SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Itong Kasunduan Ukol sa Proceso Para sa Seguridad ng mga Aplikasyong Pagpapadala sa Pamamagitan ng Koreo ay para sa mga kliyente o magremit ng pera na nais ikoreo ang kanilang Aplikasyong Pagpapadala sa Philippine National Bank (PNB), sangay ng New York, kapag ang kliyente o magremit ay may deposito sa PNB New York at ang halaga ng ireremit ay US\$3,000.00 at pataas.

Ikaw ay lubos na sumasang-ayon na ang pagpapatunay ng isang utos kabayaran o komunikasyong nagpapalit o nagkakangsela sa isang utos kabayaran ay sisiyasatin sa pamamagitan ng mga sumusunod na prosesong seguridad:

Unang Antas ng Prosesong Seguridad: ito ay ang paggamit ng Customer ID o Testword. Ang Customer ID o Testword ay ibibigay ng PNB sa kliyente.

Pangalawang Antas ng Prosesong Seguridad: ito ay ang paggamit ng mga prosesong pagtawag uli sa kliyente ng PNB.

Kapag ginamit mo ang isa sa mga prosesong seguridad na nabanggit, katulad ng paggamit ng Customer ID o Testword, ito ay nangangahulugang ginamit mo ang Unang Antas ng Prosesong Seguridad. Ang prosesong seguridad na ito ay maaaring baguhin ng PNB sa anumang panahon. Itong prosesong seguridad ay ginagamit ng isang utos kabayaran o isang komunikasyong nagpapalit o nagkakangsela ng isang utos kabayaran.

Kung sakaling lumiham ka sa PNB tungkol sa isang utos kabayaran at hindi mo nilagay ang Customer ID o Testword, ito ay nangangahulugang tinanggihan mo ang paggamit ng Unang Antas ng Prosesong Seguridad at ikaw ay pumipiling gamitin ang Pangalawang Antas ng Prosesong Seguridad. Ang prosesong ito ay maaaring baguhin ng PNB sa anumang panahon. Itong Pangalawang Antas ng Prosesong Seguridad ay ginagamit para siyasatin na nanggaling sa iyo ang isang utos kabayaran o isang komunikasyong nagpapalit o nagkakangsela ng isang utos kabayaran. Kinikilala mo na makatwiran ang Pangalawang Antas ng Prosesong Seguridad batay sa Seksyon 4A-202(c) ng Artikulo Bilang 4A ng Uniform Commercial Code. Kapag ang Pangalawang Antas ng Prosesong Seguridad ang ginamit, ikaw ay lubos na sumasang-ayon na masaklawan ng utos kabayaran, awtorisado man o hindi, na inisyo mo at tinanggap ng PNB ayon sa sinabing prosesong seguridad.